




# Mga Pamilya at Child Outcome Summary (Buod ng Kalalabasan ng Isang Bata)



## ANG PROSESO NG CHILD OUTCOME SUMMARY (BUOD NG KALALABASAN NG ISANG BATA)

### Paano ito gumagana?

Ginagamit ang proseso ng Child Outcome Summary (Buod ng Kalalabasan ng Isang Bata, COS) para mangolekta ng data sa progreso ng mga bata na ginawa sa maagang interbensyon. Nang sama-sama, inalam namin kung ano ang mukhang kalalabasan ng functional na pag-unlad ng iyong anak, kapag nagsimula siya sa serbisyo at nagtransisyon siya. Ipinapakita nito kung gaano na sila kaunlad sa tatlong bahagi habang nasa mga serbisyo ng maagang interbensyon.



## ANO ANG TATLONG MAHAHALAGANG BAHAGI?

### Ang mga kalalabasan na sinusubaybayan namin:

- Positibong panlipunan-emosyonal na kasanayan at pakikipagkapwa
- Pagkatuto at paggamit ng mga kaalaman at kasanayan
- Paggamit ng naaangkop na mga pag-uugali para matugunan ang kanilang mga pangangailangan



## SINO ANG NAGPAPASYA SA PROGRESO?

### Pagsubaybay sa progreso ng iyong anak.

Naniniwala kami na mas kilala mo ang iyong nang higit sa sinuman. May mahalagang tungkulin ka sa team ng iyong anak sa pagtukoy kung gaano na ang progreso ng iyong anak habang siya'y nasa maagang interbensyon.



## BAKIT NINYO KINOKOLEKTA ANG MGA DATA NA ITO?


### Protektado ba ang impormasyon ng aking anak?

Nangongolekta kami ng data sa lahat ng batang nasa aming programa. Ang inyong indibidwal na data ay tinitingnan ng inyong lokal na programa pati na ng team ng ESIT ng estado. Kapag ginamit ito nang higit pa roon, walang ibinabahaging impormasyon na mapagkakakilanlan. Ginagamit namin ang data para ipakita kung gaano kahusay gumagana ang maagang interbensyon, at sulit ang pamumuhunan rito.



# Mga Milestone sa Pag-unlad

Mga paraan para matulungan ang iyong anak na umunlad sa mahahalagang bahagi sa COS



## Pagdibelop ng Positibong Panlipunan-Emosyonal na Pakikipag-ugnayan

### 0-6 na buwan:


- Ngumingiti kapag nginingitian, nakakarinig ng boses o hinahawakan
- Tumatawa nang malakas at gustong makipaglaro
- Napapansin ang mga taong hindi kilala

### 6-12 buwan:

- Naglalaro ng bulaga
- Nagpapakita ng mas gustong laruan kaysa sa iba pang laruan
- Tumutugon nang naaangkop sa mga mood ng nasa hustong gulang

### 12-24 buwan:

- Naglalambing, yumayakap at humahalik
- Gumagamit ng mga salita o kumpas para makuha ang atensyon ng isang tao
- Tumutuon sa iba pang mga bata



## Pagkatuto ng mga Kasanayan at Kaalaman

### 0-6 na buwan:

- Tumitingin sa mga bagay o mga tao
- Nahahanap ang bahagyang nakatagong bagay
- Tinitingnan ang laruan habang hawak ito

### 6-18 buwan:

- Naglalaro ng simpleng mga laro tulad ng pat-a-cake
- Itinuturo ang isang bagay kapag binanggit ang pangalan

### 12-24 buwan:

- Nakikilala ang mga hugis sa puzzle board
- Ginagaya ang mga tunog, salita o galaw ng katawan
- Napapangalanan ang limang bahagi ng katawan



## Paggamit ng Naaangkop na Pag-uugali para Matugunan ang Kanilang mga Pangangailangan

### 0-6 buwan:

- Tumutugon sa sariling pangalan
- Humihinto sa pag-iyak kapag kinakausap
- Ibinabaling ang ulo patungo sa utong kapag inilapit

### 6-12 buwan:

- Gumagamit ng unang mga totoong salita
- Hinahawakan ang may hustong gulang o bagay para magsanhi ng isang aksyon
- Gumagamit ng mga kumpas na salita tulad ng pag-iling ng ulo na "hindi"

### 12-24 buwan:

- Sinusubukang alamin kung paano gumagana ang mga laruan
- Nakakapaglakad nang mag-isa at kayang bumaybay nang dahan-dahan sa mga hagdan
- Nakakatayo sa upuan para abutin ang isang bagay na hindi maabot
- Nakakapag-desisyon nang kaunti, tulad ng kung ano ang gustong kainin o suotin

## Ilista ang Ilang Bagay na Kayang Gawin ng Iyong Anak

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

Kung gusto mong magkaroon ng mga kopya ng dokumentong ito sa isang alternatibong format o wika, mangyaring makipag-ugnayan sa DCYF Constituent Relations (Mga Ugnayang Bumubuo ng DCYF) sa (1-800-723-4831 | 360-902-8060, [ConstRelations@dcyf.wa.gov](mailto:ConstRelations@dcyf.wa.gov)).